HUMANITIES DILIMAN (JANUARY-JUNE 2020) 17:1, 1-31

# Artistikong Produksyon ng mga Bilanggong Pulitikal sa Pilipinas (2015-2018): Mga Piling Kaso at Tala

**Rommel B. Rodriguez**
University of the Philippines Diliman

## ABSTRAK

Sa panahon ng 1920's, ang mga bilanggo ay pinagagawa ng mga produktong yari sa kahoy na ibinebenta sa mga lokal at dayuhang mamimili. Hindi lamang isang assembly line ang nabubuo ng mga bilanggo sa Bilibid, kundi bilang paraan din ng repormasyon para sa mga bilanggo. Natransporma ang mga bilanggo sa Bilibid bilang manggagawa. Kung kaya ang rehabilitasyon at isolasyon ng mga bilanggo ay lumikha ng tubo para sa benipisyo ng mga namumuno sa bilangguan at bilang pinagkukunan ng pondo. Isinisiwalat ng ganitong paglikha ng mga produkto ang materyalidad na produktibong kondisyon ng mga lokal na kriminal. Dagdag pa, ang mga produktong nalilikha sa loob ng Bilibid ay nagmimistulang pahiwatig sa inaakalang epektibong paraan ng pagdidisiplina ng kapangyarihan ng penal na sistema ng mga Amerikano. Mula sa ganitong historikal na konteksto, layunin ng papel na magbigay-linaw kung sa paano paraan naitransporma ng mga bilanggong pulitikal ang kulungan bilang espasyo ng opresyon tungo sa isang subersibong lunan sa pamamagitan ng pagsusuri ng ilang kaso mga piling bilanggong pulitikal ng mulang 2015-2018. Dito din mahihiwatigan na ang mga artistikong produksyon ng mga bilanggong pulitikal ay kongkretong manipetasyon upang bigyan na panibagong hubog ang kanilang mga danas at naging buhay sa bilangguan.

*Mga susing salita:* bilanggong pulitikal, artistikong produksyon, pampanitikang produksyon, sining, kasaysayan

## ABSTRACT

During the 1920's, prisoners made use of their time in producing wood products that were sold to foreign and local buyers. This system did not only make an assembly line of prisoners; it was also a means of reforming the prisoners. Bilibid prisoners were transformed into skilled laborers. Rehabilitation and isolation of prisoners created profit for the benefit of the administration of the penal system and thus as a source of funding. These products also served as material

artifacts that project the productive condition of local criminals. Moreover, the products manufactured inside Bilibid manifested the so called effectiveness of the disciplining power of the penal system by the Americans. From this historical context, the paper aims to shed light on how political prisoners transformed their prison cell from a space of oppression into a place of subversion by analyzing selected cases of political prisoners from 2015-2018. It can also be seen here that the artistic productions of political prisoners are concrete manifestations on how they re-shaped and re-imagined their life experiences during imprisonment.

*Keywords:* political prisoners, artistic production, literary production, art, history

## INTRODUKSYON

Noong manalo sa pagkapresidente si Rodrigo Duterte sa 2016 na pambansang eleksyon, naging bahagi ng kanyang pangkalahatang programa ang agad na panunumbalik ng usaping pangkapayapaan sa pagitan ng Government of the Republic of the Philippines (GRP) at National Democratic Front of the Philippines (NDFP) (Ranada). Isa sa mga inilatag na kondisyon para sa panunumbalik ng usapan ay ang pagpapalaya sa mga bilanggong politikal sa Pilipinas. Katunayan, sa inisyal na estado ng kasunduan, 11 peace consultants ang pansamantalang pinalaya upang maging bahagi ng peace panel mula sa NDFP. Subalit noong ika-8 ng Pebrero 2017, ang usaping pangkapayapaan sa pagitan ng GRP at NDFP ay pinatigil. Ang biglaang paghinto at pagbabago ng nasa ni Presidente Duterte sa pagpapatuloy ng usaping pangkapayapaan ay mistulang apirmasyon ng nakaraang administrasyon sa kanilang kampanya upang mailunsad ang "all out war" laban sa CCP-NPA-NDF. Sa terminasyon ng Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG), ang 11 peace consultants ng NDFP na pinalaya upang makibahagi sa usapang pangkapayapaan sa Oslo at Rome ay muling tinugis at ngayo'y binansagan bilang mga "terorista" at kalaban ng estado (Jerusalem). Katunayan, ang ilan sa kanila'y kasalukuyan na ring nakapiit kabilang sina Vic Ladlad, Rafael Baylosis, Adel Silva, Ferdinand Castillo, at Rey Casambre na executive director ng Philippine Peace Center.

Ayon sa KARAPATAN, isang alyansa ng mga tagapagsulong ng karapatang pantao sa Pilipinas, simula noong 2015, mayroong 557 na bilanggong pulitikal sa bansa. Binubuo ito ng 19 na NDFP consultants, walong minor, 52 na matatanda, 88 na may sakit at 49 na babaeng mga bilanggong pulitikal. Sa 19 na nakadetine na konsultant, dalawa ang convicted, lima ang inaresto at ikinulong noong 2015, at 14 ang inaresto at ikinulong sa panahon ng dating administrasyon ni Benigno Aquino III (28). Nakatala din sa KARAPATAN ang 114 na mga aktibista at tagapagtaguyod ng karapatang pantao na walang pakundangang sinampahan ng mga gawa-gawang

kaso dahil sa kanilang pagtulong sa pamilya ng mga biktima ng karapatang pantao at pang-aabuso ng mga militar sa iba't ibang bahagi ng bansa. Sa mismong NCR, ilan sa mga lider at miyembro ng mga progesibong organisasyon ay iniugnay din sa mga kaso sa iba't ibang rehiyon (Karapatan Monitor 2015, 32-3). Sa kabila ng kalagayang pampulitikang ito, ang pangako ng panlipunang pagbabago at ekonomikong pag-unlad ng kasalukuyang administrasyon ay hindi pa rin malinaw. Higit pa, hindi na rin maitatanggi na ang kampanya laban sa droga ay nambibiktima ng mga karaniwang mamamayan, na karamihan ay mahihirap, at ang mga indibidwal na itinuturing na subersibo ay nananatiling target ng mga patakaran ng pamahalaan na nagmimistulang taliwas sa kapakanan ng mamamayan.

Ang kasalukuyang sitwasyon ng pampulitikang kalagayan ng Pilipinas ay labis na nakakaapekto sa sitwasyon ng mga bilanggong pulitikal. Ang pangako ng paglaya ay nananatiling isang huwad na imahinasyon. Nananatili ang mga bilanggong pulitikal sa kulungan habang kaliwa't kanan ang mga pagdakip, ang pagsampa ng mga patong-patong na kaso, at ang pagturing sa kanilang pulitikal na tindig bilang karaniwang krimen. Sa kabilang banda, sa pamamagitan naman ng pagpapatuloy ng tradisyon sa artistikong produksyon ng mga bilanggong pulitikal habang nakapiit, ay nagmimistulang isang diskursibo at malikhaing pagmamapa at pagmamarka ng kani-kanilang karanasan. Ang paglikha ng iba't ibang anyo ng sining tulad ng larawan, tula, likhang-kamay na produkto at mga inukit na imahen ay malinaw na manipestasyon kung sa paaanong paraan ginagawang makabuluhan ng mga bilanggong pulitikal ang kanilang pananatili sa bilangguan. Ang mga prosesong artistiko at produksiyon na ito'y manipetasyon ng kanilang pag-iral bilang mga bilanggong pulitikal. Gamit ang mga artistikong interbensyon na ito, naaangkin ng mga bilanggong pulitikal ang kanilang nasang paglaya sa pamamagitan ng malikhaing pamamaraan.

Sa ganitong mga balangkas nakaangkla ang ang pag-aaral na ito. Gamit ang mga piling historikal na tala sa mga likhang sining ng mga bilanggong pulitikal sa ilang espesipikong panahon at yugto ng ating kasaysayan, ilalatag ng papel na ito ang ambag ng mga bilanggong pulitikal sa usapin ng kultural at artistikong produksyon. Mula dito hahango ng ilang partikular na danas ng ilang bilanggong pulitikal na nagsulat, nagpinta, at umukit ng mga imahen habang sila'y nakapiit. Sa ganitong konteksto, ang bilangguan bilang isang represibong espasyo ay kanilang naita-transporma sa isang malikhaing lunan. Higit pa, ibubunsod ng pag-aaral na ang kanilang mga likha ay malikhaing anyo ng pagtatala at pagmamarka sa kanilang naging buhay, bilang paraan ng pagtipon ng indibidwal at kolektibong alaala. Ang iba't ibang anyo ng sining at produktong nalikha ay kongkretong manipetasyon ng kanilang imahinatibong repleksyon na binigyang-hubog at hugis ng kanilang danas bago makulong, habang nakapiit, at sa mismong araw ng kanilang pansamantala o tuluyang paglaya.

## PRODUKSYON NG KAPITAL TUNGO SA ARTISTIKONG PRODUKSYON

Hindi na rin naman bago ang paggawa ng samu't saring produkto, malikhain man o komersyal, sa loob ng bilangguan. Iba't ibang produkto tulad ng mga mesa, upuan na yari mula sa iba't ibang uri ng kahoy ang ginagawa noon ng mga bilanggo sa Bilibid. Bahagi ng repormasyon sa mga bilanggong Pilipino noon ang regulasyon sa paggawa ng samu't saring produktong yari sa mga mamahaling kahoy.

Noong 1920s, gumagawa ng mga produkto ang mga bilanggo para sa mga lokal at dayuhang mamimili. Ang sistemang ito ng repormasyon sa mga bilanggo ay hindi lamang nagsisilbing assembly line sa paggawa ng produkto, kundi ang mismong pagkakakulong ay ginagawa ring paraan ng pagkakakitaan ng administrasyon ng bilangguan. Gumagawa sila ng mga produktong binibili ng mga regular na mga bumibisita sa mga bilangguan sa Pilipinas.

Ang paggawa ng mga produkto ang nagiging daan upang ang bilanggo ay matransporma bilang manggagawa. Kung kaya't ang rehabilitasyon at isolasyon ng mga bilanggo ang sistematikong paraan upang pinagkakitaan ang mga bilangguan at pinagmumulan ng dagdag na pondo. Bukod dito, nagsisilbi ang proseso ng paggawa hindi bilang paraan ng pagdidisiplina, kundi, isang produktibong moda ng pagkakakulong at paglalaan ng oras para sa isang makabuluhang gawain. Sa huli, masasabi na ang panahon ng pagkakakulong ay inilaan sa paglikha ng tubo at dagdag na kapital para sa mga bilangguan.



Larawan 1. Poster para sa patalastas ng mga produktong likha ng mga bilanggo sa Bilibid (1924). Mula sa *Laurel Report on Penal Reforms*. Kuha ni Rommel B. Rodriguez.


Larawan 2. Mga upuan na gawa sa kahoy ng mga bilanggo sa Bilibid (1924). Mula sa *Laurel Report on Penal Reforms*. Kuha ni Rommel B. Rodriguez.

Samantala, sa ilalim ng kolonyal na pamamahala ng mga Amerikano, nagpatuloy ang pagbuo ng mga makabayang kilusan na nagpapatuloy sa pinagmulan nitong samahan tulad ng Katipunan. Isa na sa mga kilalang naglunsad ng samahang anti-Amerikano ay si Crisanto Evagelista na isa sa mga bumuo ng Partido Komunista ng Pilipinas noong Nobyembre 7, 1930. Dahil sa mga pagsasamantala at lugmok na ekonomikong kondisyon ng bansa, nagsanib puwersa ang mga manggagawa at mga pesante. Inorganisa nila ang kanilang mga sarili upang labanan ang kolonyal na pamamahala ng mga Amerikano. Nang ideklara ang Partido Komunista ng Pilipinas bilang organisasyon, dumami ang mga kaso ng sunod-sunod na pag-aresto sa mga lider pesante at manggagawa (Casila et al. 506).

Taong 1957, sa panahon ng Commonwealth, isinabatas ang Republic Act 1700 upang hulihin ang mga miyembro ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan o mga Huk. At kahit nabuwag na ang samahan ng mga Huk, ginamit pa rin ang batas na ito upang parusahan at hulihin naman ang mga nakikisangkot sa mga pagkilos at protesta laban sa pamahalaan noong dekada ‘60 (Teodoro). Sa panahon ding ito, ang mga manunulat sa bernakular ay nagsimula namang magsulat tungkol sa independensiya at pambansang kasarinlan. Isa na rito si Amado V. Hernandez, isang lider-obrero, makata-nobelista na inaresto at ikinulong bago pa man ang deklarasyon ng batas militar sa bansa. Sa loob ng kulungan niya isinulat ang *Isang Dipang Langit,* isang koleksyon ng mga tulang naglalarawan ng kanyang pagkakakulong dahil sa kanyang ideolohikal at pulitikal na paninindigan. Sa isang pagdinig sa korte noong Mayo 30, 1964, idinetalye ang mga ebidensiya laban kay Hernandez na kinasuhan ng rebelyon at pagpatay. Narito ang kabuuan ng tala:

> After trial the Court of First Instance found, as against appellant Amado V. Hernandez, the following: (1) that he is a member of the Communist Party of the Philippines and as such had aliases, namely, Victor or Soliman; (2) that he was furnished copies of “Titis”, a Communist publication, as well as other publications of the Party; (3) that he held the position of President of the Congress of Labor Organizations; (4) that he had close connections with the Secretariat of the Communist Party and held continuous communications with its leaders and its members; (5) that he furnished a mimeographing machine used by the Communist Party, as well as clothes and supplies for the military operations of the Huks; (6) that he had contacted well-known Communists coming to the Philippines and had gone abroad to the WFTU conference Brussels, Belgium as a delegate of the CLO, etc. Evidence was also received by the court that Hernandez made various speeches encouraging the people to join in the Huk movement in the provinces.

> The court also found that there was a close tie-up between the Communist Party and the Congress of Labor Organizations, of which Hernandez was the President, and that this Congress was organized by Hernandez in conjunction with other Huks, namely: Alfredo Saulo, Mariano Balgos, Guillermo Capadocia, etc. ("Supreme Court Decision of 1964")

Ang pag-aresto kay Hernandez ang naging batayan sa pagturing sa kasong rebelyon bilang isang opensa at hindi ito maaaring ituring na isang komplikadong krimen. Gayunpaman, sa kabila nito, nagpatuloy ang pagdami ng mga bilanggong pulitikal na sinampahan ng iba't ibang kaso tulad ng panununog, pagpatay at ilegal na posesyon ng armas at pampasabog.

Sa artikulong isinulat nina Jesus Casila et al., itinala nila na noong Enero 30, 1972 umigting ang mga demonstrasyon sa bansa. Dahil sa suspension ng writ of habeas corpus, maraming mga aktibista ang nawala, ang iba nama'y pinaslang, habang ang iba'y sumapi sa mga lihim na kilusan (Casila et al. 501). Nang ideklara ang batas militar noong Setyembre 21, 1972, ang mga kabataang aktibista, makabayang artista at manunulat ay sumanib sa kilusang lihim. May ilang manunulat ang piniling manahimik, at mayroon namang pumunta sa kanayunan at kabundukan kasama ang mga pesante at nakisangkot sa armadong paglaban. Doon sila namuhay upang isulong ang armadong pakikibaka. Agad naman na inaresto ang mga hinihinalang mga miyembro ng makakaliwang grupo tulad ng Kabataang Makabayan (KM) at Samahan ng Demokratikong Kabataan (SDK) bilang mga kilusan ng kabataan na binuo ng Partido Komunista ng Pilipinas. Nagkaroon ng kaliwa't kanang mga akusasyon at ilegal na pag-aresto sa mga aktibista. Ikinulong ang mga aktibista sa iba't ibang detention centers at bilangguan sa bansa.

Habang nasa iba't ibang bilangguan, limitado ang ginagalawang espasyo ng mga bilanggong pulitikal kasama ang mga karaniwang bilanggo. Subalit dahil ang ilan sa kanila'y mga mag-aaral, may kaalaman sa pagsulat at paglikha ng iba pang sining, hindi napigilan ang mga bilanggong pulitikal sa paglikha habang nakapiit. Nagpatuloy ang mga bilanggong pulitikal sa paglikha ng kanilang mga akda upang maging makabuluhan ang bakanteng oras. Isa sa mga anyong pampanitikan na isinulat ng mga bilanggong pulitikal ay ang anyo ng tula.

Sa konteksto ng kasaysayang pampanitikan ng Pilipinas, mayroon itong mahabang tradisyon ng mga progresibo at subersibong pagsulat. Mula pa sa kolonyal na kasaysayan hanggang kontemporaryong panahon, malaki ang naging ambag ng mga ito sa pagbuo ng panitikan ng Pilipinas. Hindi maitatanggi na bahagi dito ang mga akdang likha ng mga bilanggong pulitikal, partikular sa panahon ng batas militar. Noong batas militar, maraming mga kabataang manunulat at aktibista ang


nanguna sa panawagan para sa panlipunang pababago at kasamang nagsulong para sa pambansang demokrasya. Ang sensura at opresyon ang kanilang naging pangunahing musa sa paglikha ng mga akda bilang kultural na pakikisangkot kasama ang masa laban sa diktadurang Marcos. Nang isuspinde ang Writ of Habeas Corpus, nagkaroon nang malawakang pag-aresto sa mga itinuturing na kaaway ng estado. Maraming naging biktima ng paglabag sa karapatang pantao, sapilitang pagkawala, pamamaslang at pagkakabilanggo.

Isinagawa ang iba't ibang uri ng tortyur upang makakuha ng mga impormasyon tungkol sa mga personal at pulitikal na kalagayan at pakikisangkot sa rebolusyonaryong gawain ng mga bilanggong pulitikal. Pinapaso ng sigarilyo ang iba't ibang bahagi ng katawan ng mga bilanggong pulitikal kasama ang bahagi ng ari. May mga naging biktima na pangunguryente, samantalang ang ibang babaeng bilanggo nama'y seksuwal na dinahas at inabuso. Ang pambububog ay karaniwan na paraan ng pandarahas sa mga bilanggong pulitikal. Ang iba nama'y nakaranas ng pagpasok ng kanilang mukha sa inidoro na may dumi ng tao. Ginamit din ang water cure/water torture na sinasabing paboritong taktika na ahensiya ng militar at pulisya upang dahasin ang mga bilanggong pulitikal. May mga pagkakataon din na pinatitig sila sa nakasisilaw na liwanag at hindi pinatutulog dahil sa magdamag na interogasyon. Pinaaapak din ang kanilang mga talampakan sa mainit na bakal.

Para sa estado, mahalaga ang marahas na paraan upang makakuha sila ng sapat na impormasyon hinggil sa kilusang laban sa pamahalaaan. Noong mga panahong ito, naitala ang pagrehistro ng mga bilanggong pulitikal ng kanilang mga hinaing sa Youth Rehabilitation Center at Fort Bonifacio. Nagsulat sila ng petisyon sa administrador ng kulungan. Dito nila isiniwalat ang lugmok nilang kalagayan; ang hindi makataong pagtrato sa kanila, ang paglagak sa kanila sa marumi at kapos sa hangin na mga selda na hindi pinapasok ng liwanag ng araw. Hindi na maipagtataka na dahil sa kalunos-lunos na kondisyon ng mga bilanggong pulitikal sa kulungan, lubhang naging mahirap ang kanilang kalagayan. Kung tutuusin, lahat ng mga kulungan sa bansa ay may ganitong mga kondisyon. Katunayan, ganito rin ang naging kalagayan ng mga 300 bilanggong pulitikal sa loob ng Camp Crame. Marami sa kanila ang nagkasakit, nagtatae dahil sa paghain ng mga pagkain na panis na at inuuod. Subalit sa huli, hindi naging hadlang ang mga kondisyong ito upang kanilang ipagpatuloy ang pakikibaka sa loob ng kulungan gamit ang malikhaing pamamaraan.

Malikhaing naitala ng mga bilanggong pulitikal ang kanilang masalimuot na kondisyon sa loob ng kulungan sa librong *Pintig: Sa Malamig na Bakal*. Isa itong natatanging antolohiya na inilathala noong 1979 na naglalaman ng koleksyon ng mga tula at liham na isinulat sa loob ng bilangguan noong panahon ng batas

militar. Bahagi ng antolohiyang ito ang kinalap na malikhaing dokumentasyon ng pakikibaka ng mga bilanggong pulitikal dahil sa kanilang ideolohikal na posisyon laban sa rehimeng Marcos. Makikita sa mga akda ang naging artikulasyon sa bilangguan bilang opresibong espasyo na naghihiwalay sa mga bilanggong pulitikal sa lipunan. Habang binabanggit noon ni Marcos na walang mga bilanggong pulitikal, na walang ikinulong dahil sa kanyang pulitikal na paninindigan, matibay na kontra-argumento ang librong ito. Sa ganitong punto, ang pagsulat ng mga bilanggong pulitikal ay nagsisilbing kontra naratibo at kontra memorya sa kasaysayan na nais panatilihin ng estado.



Larawan 3: Pabalat ng *Pintig* (1979) na naglalaman ng mga tula at liham ng mga bilanggong pulitikal noong batas militar.

Bukod dito, nagsilbi ang antolohiya bilang kolektibong pagsipat at pagmuni-muni sa ginawang pakikipag-alyansa ng bawat bilanggong pulitikal sa mga karaniwang kriminal. Sa pamamagitan ng pag-oorganisa sa mga kasamang bilanggo, hindi napigil ang mga aktibista na magsagawa ng mga pag-aaral hinggil sa mga sakit ng lipunang Pilipino. Para kay Father Ed de la Torre, isang dating pari at dating bilanggong pulitikal, ang bansag na "bilanggong pulitikal" ay naglalarawan sa iba't ibang uri ng tao. Dagdag niya, may mga maaaring tawagin na biktima, ito ang mga tao na walang malinaw na pulitikal na paninindigan, subalit nakulong dahil sa walang habas na pagdakip ng ahensiya ng militar. Mayroon din naman nakulong dahil sa pagiging kritikal sa maling sistema ng lipunan. At mayroon din namang nakulong hindi lamang dahil naghanap ng alternatibong sistema, kundi nakibaka rin upang makamit ang pulitikal na kapangyarihan at magtagumpay (*Pintig* 10).

Dagdag ni de la Torre, ang pagkakakulong at pagiging malaya ay dalawang aspekto ng iisang proseso. Binanggit niya na ang mga bilanggong pulitikal ay maaari ring maging malaya kahit nakakulong. Ang nosyon na ito'y binigyang-katuwiran sa pagsipat sa kalayaan na hindi hiwalay sa materyal na kondisyon ng lipunan. Ayon sa kanya, ang pagnanais ng kalayaan ang siyang dahilan upang magdesisyon ang mga nagnanais makibaka para sa kanilang sariling kapakanan. Nakalunan ang kanilang paghagilap sa kalayaan sa pananatiling kaisa ng mamamayan na nagpapatuloy sa pagsulong nito sa labas ng bilangguan. Kung kaya't ang mga nalikhang sulat at tula ay nagsilbing alternatibong paraan na pagtatala ng karanasan ng mga bilanggong pulitikal. Ang represibong espasyo ng bilangguan ay ginawang lunan sa paglikha. Ang pagsulat ay naging isang personal at pulitikal na akto upang isulong

ang kanilang ideolohikal na pagtunggali laban sa pasistang estado. Isa sa mga ginawang malikhain at makabuluhan ang panahon niya habang nakabilanggo ay ang makatang si Edgardo Maranan.

Kasama sa koleksyong *Pintig* ang mga tula ni Maranan, isang makata na nabilanggo at napalaya noong 1978. Ang pagiging malaya na lampas sa mga rehas ng bilangguan ang naging lunan ng kanyang artistikong paglikha at malikhaing kakayanan. Matingkad itong mababasa sa tulang "Neon Watch Through the Bars." Dito mababatid na ang mistula niyang musa ay ang kanyang pagkakabilanggo upang maghiraya sa isang naghihingalong siyudad/lipunan. Sang-ayon nga sa huling saknong ng kanyang tula

That is the city known across the barrier light.
To me, my one curious sense, my sight, and through
A bared curtain of iron and the shackled darkness.
But I am merely chained, so to speak, to regimes
And a metal buck. Otherwise, I am beyond the wall (26)

Nagpapahiwatig ang kabuuan ng tula ni Maranan na ang paglikha ng makata't lampas sa mga opresibong aparato ng bilangguan. Ang talinghaga ng kalayaan ay magpapatuloy sa mga susunod na mga isinulat na tula ni Maranan. Halimbawa, ang tulang "Villanelle from a Prison Window" ay lumilikha ng imahen ng tagumpay sa halip na opresyon at pagkakabilanggo. Sa kanyang mga tula makikita ang transpormasyon ng mga ideya ng kalayaan at katuparan nito. Ginamit niya ang kapangyarihan ng imahinasyon at husay sa pagtula upang tunggaliin ang opresibong espasyo ng bilangguan. Matalinghaga itong mahihiwatigan sa isinulat niyang tulang "Villanelle from a Prison Window" habang nakapiit partikular sa mga sumusunod na saknong mula sa tula:

Then I see heaven: like a god on high
My spirit soar. And my dreams begin.
My poems of freedom take to the sky.

Off with the death shroud on earth, all cry:
Who yearns for that heaven, unbound him!
Of triumph the lake birds sings as they fly,
My poems of freedom take to the sky. (29)

Sa pamamagitan ng paggamit ng imahen ng paglipad, tinukoy ng makata na ang kanyang pagkamalikhain at imahinasyon ang kanyang mga nagiging pakpak tungo sa paglaya. Lumalampas ang pagtula sa nosyon ng pisikal na rehabilitasyon at repormasyon, at sa halip ito ay naging aktong pulitikal upang manatiling may dangal

bilang tao. Sang-ayon nga sa huling liya ng kanyang tula, ang kanyang pagtula ang nagsilbi niyang tulay sa pagsipat niya sa kalayaan sa hinaharap. Ang pagtula ang kanyang nagiging paraan upang masipat ang mga bagay na ipinagkait sa kanya ng kulungan at pagiging bilanggong pulitikal. Nagpapatuloy ang ganitong poetika sa patuloy na pagsulat ng mga bilanggong pulitikal hanggang sa kasalukuyan.

Isa lamang si Maranan sa mga manunulat na nakulong at nagsulat tungkol sa kanyang naging karanasan sa pagkakabilanggo. Nariyan pa ang ilan sa kilalang makabayang mga manunulat tulad ni Ricardo Lee na muli't muling ibinabahagi ang kanyang naging karanasan noong panahon ng batas militar, partikular ang kanyang pagkakakulong. Sa isang panayam, ibinahagi ni Ricky Lee na kahit payat na payat ang kanyang katawan, nanatiling malusog na malusog naman ang kanyang isipan (Lee). Sa huli, naging materyal niya ang kanyang karanasan sa kulungan at pagiging bilanggong pulitikal upang isulat ang kanyang mga akda. Sa isa pang panayam, binanggit ni Lee na nakikita niya na ang mga negatibong pangyayari sa kanyang buhay ay may positibong epekto. Sa pamamagitan ng pagyakap niya sa mga hindi magandang mangyayari, mas lalo siyang naging buo. (Lee).

Bukod kina Maranan at Lee, isa rin sa mga naging saksi ang panulat sa panahon ng batas militar ay si Bonifacio "Boni" Ilagan. Isa si Ilagan sa mga nangunang lider-estudyante noong panahon bago ideklara ang batas militar. Naging pinuno siya ng Kabataang Makabayan, isang organisasyon ng mga kabataang aktibista na di naglaon ay nag-underground na kilusan dahil na rin sa pagkakadeklara ng batas militar sa bansa noong 1972. Sa isang panayam, binanggit niya na kung tutuusin, aksidente ang kanyang pagiging politikal na manunulat. Kinailangan noon ng isang manunulat para sa KM at dahil aktibo na noon sa teatro si Boni Ilagan, siya ang naatasang manguna sa mga pangkulturang gawain at pagsasagawa ng mga pagtatanghal. Di kalaunan, nabuo ang Panday Sining, isang samahan ng mga pangkulturang manggagawa at artista na ginagamit ang sining bilang malikhaing armas sa pagsisiwalat ng pasistang rehimen ni Marcos. Nakasama ni Ilagan ang iba pang mga manunulat tulad nina Lee, Bienvenido Lumbera at Nicanor Tiongson kahit sa kilusang lihim. Hindi nagtaggal, dahil na rin sa patuloy na paniniktik sa kanila ng mga militar, nahuli at nakulong si Ilagan at nakalaya noong 1974. Sa kulungan mararansan ni Ilagan ang iba't ibang anyo ng tortyur na isisiwalat niya sa isang drama-dokumentaryo na ipinalabas sa telebisyon. Subalit kahit pa nakulong ng dalawang taon, ay sa kanyang paglaya, hindi natigil si Ilagan sa paglikha ng makabayang sining at pag-oorganisa sa hanay ng mga artista at manggagawang pangkultura sa Pilipinas hanggang sa kasalukuyan. Patunay lamang ang naratibo ni Ilagan na ang pagkakapiit ay hindi tuuyang nakakapigil sa isang makabayang manunulat at artista na lumikha matapos ang naranasang niyang pandarahas ng estado (Ilagan).

Ilan lamang sila sa mga manunulat na nakulong noong panahon ng batas militar na higit na nagpatalas hindi lamang ng kanilang mga akda, kundi ng kanilang ideolohikal na pagposisyon hinggil sa ugnayan ng sining at pulitika ng pag-akda. Sa isang panayam kay Lee, binanggit niyang kinailangan niyang matutunan ang mga trahedyang kanyang naranasan upang patuloy na lumikha (Lee). Bagaman hindi niya ninais na makulong, naging daan ito upang higit niyang makita ang halaga ng sining kung sa paanong paraan ito maaaring maging lente, na bagaman nagagasgasan, mas lumilinaw ang pagsipat sa lipunan at realidad ng buhay. Samantala, naibahagi rin naman ni Ilagan na isang mahalagang sangkap sa kanyang paglikha ang pulitikal niyang paninindigan sa patuloy niyang paglikha ng mga akdang tumutuligsa sa mga nararanasang pagsasamantala ng mamamayan sa lipunang Pilipino (Ilagan).


Kung pagbabatayan ang pagbabahagi at naratibo nina Lee at Ilagan, hindi maitatanggi na ang pagkakapiit ay higit na napatingkad sa manunulat na bilanggong pulitikal sa mahigpit na ugnayan ng sining at lipunan. Napanatili nila ang kanilang ideolohikal na pagposisyon na ang pagsulat ay isang pulitikal na aktong lumilikha ng mga tunggalian, na tumatagos sa matagal nang usapin hinggil sa sining para sa sining at sining at lipunan. Ang paglikha ay hindi lamang simpleng paglikha ng isang akda, kundi nilikha rin nito ang danas ng manunulat. Ang kanyang paglikha ay isang pulitikal na akto sagpagkat nagiging paraan niya ito upang manatili ang kanyang ideolohikal at pulitikal na paninindigan. Nililikha niya hindi lamang ang akda kundi maging ang kanyang sariling pulitika.

Matapos ang nagdaang limang rehimen ng pamamahala, ang sitwasyon ng mga bilanggong pulitikal sa bansa ay hindi pa rin nabago. Bagaman sa panahon ng yumaong presidente Corazon Aquino, napalaya ang mga bilanggong pulitikal, hindi nagtagal ay nanumbalik ang pag-aresto sa mga indibidwal na nagpatuloy sa pagiging kritikal sa ipinangakong demokrasya at pagbabago ng EDSA1. Kaya sa huli, nagpatuloy ang mga pag-aresto at pagkulong sa mga aktibista at makabayang mga alagad ng sining hanggang sa kasalukuyan.

## DESIMENASYON NG MGA ARTISTIKONG PRODUKSYON NG MGA BILANGGONG PULITIKAL SA KASALUKUYAN

Sa isang artikulong isinulat ni Maranan, binanggit niya na ang likhang sining ng mga bilanggong pulitikal ay isang anyo ng pakikipagtunggali sa gitna ng pagkakapiit. At bilang dating bilanggong pulitikal, batid niya na ang isa sa mga mahahalagang gawain sa loob ng bilangguan ng mga nakabilanggo ay ang paglikha ng iba't ibang anyo ng sining tulad ng mga nakapintang larawan, mga

lilok, at nakasulat na teksto. Sapagkat nakahiwalay sa pisikal na pakikibaka ang mga bilanggong pulitikal sa mga panlipunang kilusan, ang paglikha ng sining sa loob ng bilangguan ang kanilang nagiging patuloy na ambag bilang kultural na gawain. Hindi lamang nito pinatataas ang moral at pinatatatag ang damdamin ng mga bilanggong pulitikal. Sa halip ay nagiging behikulo pa ito ng patuloy na pakikipagtunggali (Maranan). Ang iba't ibang malikhaing anyo at artistikong interbensyon ay malinaw na makikita bilang kongkretong pulitikal na manipetasyon ng pakikibahagi ng bilanggong pulitikal sa nasang lumaya. Ang mga anyo na ito'y patunay ng kanilang ideolohikal na pagposisyon at malikhaing pakikibahagi upang patuloy na ipanawagan at makiisa sa paglaya ng iba pang kasamang mga bilanggong pulitikal sa Pilipinas. Sa pamamagitan ng paggawa ng iba't ibang malikhaing disensyo ng mga likhang-kamay na mga produktong yari sa kahoy, papel at iba pang materyales, ang bawat likha ay nagsisilbing pamamaraan upang angkinin nila ang kinasasadlakang sitwasyon at ituon ang kanilang panahon sa proseso ng artistikong produksyon. Ang mga likhang-kamay ay maingat na ginawa ng mga bilanggong pulitikal at iba pang mga karaniwang bilanggo. Bawat isa ay simbolo ng kanilang matagal na pagkakabilanggo at kung sa paanong paraan sila umaayon sa sitwasyon ng bilangguan. Nilikha ang mga produktong ito sa ilalim ng isang opresibong espasyo. Sa tulong nito, nabago nila o ginawang malikhain ang kanilang lunan. Lumikha sila hindi lamang ng mga produkto kundi ng mga alaala ng pagkakapiit. Ibig sabihin, mayroong pagsasakongkreto ng kanilang kalagayan bilang mga bilanggong pulitikal. Kung noon, ang paglikha ng mga bilanggo ng produkto ay para sa pagtamo ng kita, ang paglikha ng mga bilanggong pulitikal ay paglikha ng kanilang kolektibong karanasan sa loob ng mga bilangguan.



Larawan 4: Portrait ni Mao Zedong na yari mula sa beads na gawa ng isang bilanggong politikal sa Bicutan (2016). Kuha ni Rommel Rodriguez.



Larawan 5: Mga miniature na bahay. Gawa ng mga bilanggong politikal sa Camp Bagong Diwa (2016). Kuha ni Rommel B. Rodriguez.

Matingkad ang ambag ng pagsasagawa ng mga aktibidad na nagtatanghal ng samu't saring artistikong produksyon ng mga bilanggong pulitikal. Sa pamamagitan nito, nagiging daan ang mga aktibidad at programa upang ipinawagan ang hinaing ng mga bilanggong pulitikal at isiwalat ang kanilang kalagayan sa loob ng mga bilangguan.

Gayundin, nagiging daan ang mga inihandang programa at aktibidad upang makabuo ng komunidad ng mga tagpagsulong ng karapatang pantao, partikular ang karapatan ng mga bilangggong pulitikal. Ang mga sumusuporta sa laban ng mga bilanggong pulitikal ay nagsasagawa ng iba't ibang kolektibong paraan tulad ng paglulunsad ng mga aklat, pagbuo ng mga antolohiya, pagsasagawa ng mga planong publikasyon at pagtatayo ng mga eksibit na nagtatanghal ng mga artistkong produksyon ng mga bilangggong pulitikal ng bansa. Esensiyal ang ganitong mga gawain bilang suporta sa laban ng bilanggong pulitikal. Hindi lamang ito nakapagpapataas ng morale ng mga bilanggo kundi nagiging daan din ito upang magkaroon ng pakikipagtagpo ang mga bilanggong pulitikal sa kanilang mga pamilya, kaibigan, kasamang aktibista at higit lalo sa mga kapwa bilanggong pulitikal na nakapiit sa iba't ibang bilangguan sa buong bansa. Nagiging daan ang kanilang artistikong produksyon para isiwalat ang kanilang testimonya at naratibo bilang mga bilanggong pulitikal sa Pilipinas.

Upang maipalaganap ang artistikong produksyon ng mga bilanggong pulitikal sa loob ng kulungan, noong nakaraang Hunyo 2016, isang eksibit ang ginanap na nagtatampok ng mga produktong likha ng mga bilanggong pulitikal mula sa iba't ibang bilangguan sa bansa.Isinagawa ang eksibit na "Timyas ng Paglaya" sa Bulwagan ng Dangal sa Unibersidad ng Pilipinas, Diliman. Sa pangangasiwa ng curator na si Lisa Ito, guro sa UP College of Fine Arts at miyembro ng Concerned Artists of the Philippines (CAP), itinampok sa eksibit ang mga likha nina Rene Boy Abiva, Tirso Alcantara, Sandino Esguerra, Renante Gamara, Voltaire Guray, Alan Jazmines, Maricon Montajes, Billy Morado, Hermogenes Reyes, Jr., Gerald Salonga, Eduardo



Larawan 6: Iba't ibang likhang kamay ng mga bilanggong politikal sa pagbubukas ng eksibit na *Sa Timyas ng Paglaya* (2016). Kuha ni Rommel B. Rodriguez.

Sarmiento, Randy Vegas at Rex Villafor. Sang-ayon kay Ito, ang akto ng paglikha ay may iba't ibang antas, subalit may magkakaugnay na dahilan. Sa unang antas, ang akto ng paglikha ay proseso sa pagpatay ng lumilipas na oras, o kaya'y upang makalikom ng pondo. Subalit ang mas mataas na antas ay may kinalaman sa pagsulong ng karapatan ng mga bilanggong pulitikal. Simbolo ang mga likha na ito ng karapatang lumikha, ang magsiwalat ng reyalidad na kanilang kinasasadlakan at ang magpahayag ng eksploytasyon na kanilang nararanasan (Ito). Dagdag pa ni Ito, ang akto ng kanilang paglikha ay sukdulan ng pagkilos at ang pagsisiwalat ng personal na kasaysayan ng bawat bilanggong pulitikal. Bukod dito, mailalarawan sa mga artistikong produksyon na ito ang mga anyo ng pagkikipagtunggali na dulot ng kanilang hindi magandang kalagayan sa loob ng kulungan. Sa huli, binanggit ni Ito na ang imahinasyon at malikhaing pakikisangkot ng mga bilanggong pulitikal ay manipestasyon ng kanilang nasa para sa isang mas maalwan na kinabukasan ng lipunan. Higit pa, ang mga produktong likha ay hindi na lamang mga simpleng bagay, subalit nagiging simbolo ng kanilang katatagan sa gitna ng pagkakabilanggo.

Sa unang sipat, ang paglikha ng mga produktong yari sa kamay ay tila malayo at hiwalay sa isang pulitikal na akto. Subalit kung tutuusin, nagsisiwalat ang mga produktong ito ng isang pagdidisiplina ng sarili sa loob ng isang masalimuot na sitwasyon sa kulungan. Kasama sa kanilang mga nilikha ang mga munting gawa-gawang mga bahay na mistulang pagbuo ng sariling espasyo sa loob ng kulungan. Dito gumagana ang kanilang imahinasyon sa paghiraya sa kanilang mga tahanan na maaaring iugnay sa kanilang pagnanais na muling makapiling ang kanilang mga pamilya at mga mahal sa buhay. Kung kaya't ang mga nalilikhang "bagay" ng mga bilanggong pulitikal sa loob ng bilangguan ay hindi lamang simpleng mga produkto o hinabi ng mga kamay. Kundi ito mismo ay lumilikha ng mga kahulugan. Kahulugan halimbawa, sa pagtalala ng kanilang mga hinaing, mga naiisip at inangkin na panahon sa loob ng bilangguan. Lumilikha sila ng oras at alaala na tumutunggali sa kanilang kinalalagyang represibong lunan.

Isa sa mga naging tampok at natatanging likhang sining ay ang ipinintang mga larawan ni Voltaire Guray, dating bilanggong pulitikal sa Special Intensive Care Area sa Camp Bagong Diwa, Bicutan. Si Guray ay bilanggong pulitikal na kasalukuyang nakalalaya dahil sa pagbayad ng kaukulang piyansa. Hinuli siya at ikinulong noong Enero 14, 2012 sa kaso ng illegal possesion of firearms. Sa loob ng kulungan, ipininta niya ang larawan ng mga konsultant ng National Democratic Front Peace Process Panel. Gamit ang malikot at malikhaing representasyon ng mga larawan ng mga piling bilanggong pulitikal, tinunggali ng mga larawan ang karaniwang mugshots ng mga itinuturing na kriminal at kaaway ng estado. Binaklas ng mga larawan ang istiryotipikal na pag-imahen sa mga bilanggong pulitikal. Sa pamamagitan ng paglalaro ng mga kulay higit na naitampok ang perspektiba ni





Larawan 7. Larawan ng mga miyembro ng NDFP Consultants na likha ni Guray (2016). Kuha ni Rommel B. Rodriguez.

Guray sa mga kapwa bilanggong pulitikal. Ang kanyang artistikong produksyon ay tumunggali sa lente ng estado na itinuturing ang mga bilanggong pulitikal bilang mga karaniwang kriminal na kinukunan ng mga mugshot. Napatunayan ng likha ni Guray na ang muling pag-akda at paghiraya ng isang bilanggong pulitikal ay tumutunggali sa lente ng estado. Sa ganitong aspekto, ang paglikha ng sining ng mga bilanggong pulitikal ay nagsisilbing kontra diskurso kung sa paanong paraan sinisipat ng estado ang mga bilanggong politikal bilang mga banta sa seguridad ng estado. Ang malikhaing rendisyon ni Guray sa mga mukha ng bilanggong pulitikal ay malinaw na pagtunggali sa pagbansag sa kanila ng estado bilang mga kriminal. Sa isang panayam kay Guray, binanggit niya na ang pagpipinta ang kanyang naging libangan sa loob ng kulungan:

> Ako, iyong naging libangan ko, magpinta, magdrawing o kung walang materyales sa pagpipinta, magsusulat ng tula. Bukod sa ilang tungkulin sa loob ng selda, halimbawa, magluluto, maglilinis at kung ano-ano pang mga gawain doon tapos may mga discussions rin. Sa akin (sa) partikular, mas nagugugol ko ang oras ko sa pagpipinta. (Guray)

Banggit pa niya, ang mga ipininta niyang larawan ang nagsisilbi niyang koneksyon sa kanyang pamilya. Ipinapadala niya ito sa kanyang mga pamilya upang kanilang itago. Katunayan, kasama ang mga ipinintang larawan ni Guray sa isinagawang eksibit noong 2014 sa National Housing Authority na dinaluhan ng kanyang pamilya at pamilya ng iba pang mga bilanggong pulitikal. Sa huli, matutukoy na ang paglikha ng mga bilanggong pulitikal ay paglikha rin at pagpapanatili ng kanilang ugnayan sa labas ng bilangguan, partikular sa kanilang mga mahal sa buhay.

Isang patunay rin na hanggang sa kasalukuyan ay nagpapatuloy sa pagsusulat ang mga bilanggong pulitikal sa mga alternatibong lathalain gaya ng antolohiyang *Hulagpos: Kalipunanng mga Akda ng mga Bilanggong Politikal* na inilusad noong 2016. Naglalaman ang koleksyon ng mga tulang isinulat ng mga bilanggong pulitikal mula sa iba't ibang bilangguan sa Pilipinas tulad ng Camp Crame, PNP Custodial Center, New Bilibid Prison sa Muntinlupa, Special Intensive Care Area ng Camp Bagong Diwa sa Bicutan, Taguig City Female Dorminoty, Caloocan City Jail, Samar Provincial Jail, Ifugao Provincial Jail at Nueva Ecija Provincial Jail. Kabilang sa koleksyon na ito ang mga tula ni Allan Jazmines, Emmauel Bacarra, Wilma Tiamzon, Benito Tiamzon at Tirso Alcantara. Nalathala ito sa tulong ng KM64, isang organisasyon ng kabataang makata sa Pilipinas at KARAPATAN.




Larawan 8: *Hulagpos: Kalipunan ng mga Tula ng mga Bilanggong Pulitikal* (2016).

Sa *Hulagpos* nakapaloob ang mga tulang tumatalakay sa talinghaga ng pagkakakulong, tortyur at pisikal na karahasan. Subalit naroon din ang mga tula tungkol sa pag-asa, pag-ibig at patuloy na pakikibaka. Habang ang karamihan sa mga tula'y tumutulay sa personal na paghiraya, umaangat naman ang diskurso nito sa antas ng pagiging pulitikal gamit ang mga poetikong ekspresyon sa pagtula. Ang bilangguan bilang espasyo ang kanilang naging inspirasyon upang patuloy na lumikha. Pansinin halimbawa ang tulang "Bartolina" ni Tirso Alcantara: "Bartolina/ay pahirap sa bilanggong pulitikal/Isang arena ng labanan/Harapin ng may katatagan/ Para sa ating inang bayan" (16). Dito malinaw na ginamit ni Alcantara ang bartolina bilang materyal/musa upang makalikha ng tulang nagsusulong ng pagmamahal sa bayan. Hindi lamang ito paalala ni Jazmines sa kanyang sarili, kundi ito rin ang kanyang payo sa mga kapwa bilanggong pulitikal.

Naglalaman din ang koleksyon ng mga naratibo ng arbitraryong pagkakaaresto/ warrantless arrest. Ito ang paksa ng mga tulang "Safehouse" ni Eduardo Sarmiento at "Dyan ka lang sa Maliit na Piitan" muli, ni Alan Jazmines. Nagsilbi ang kanilang mga tula bilang testimonya ng kanilang pagkakahuli at pagkakakulong. Sa kabila nito, may mga tula rin na nagpapahayag ng patuloy na paninindigan gaya ng tulang "Paninindigan" ni Grace Abarratique-Verzosa: "Pagmasdan kaming detenido/

Sa anumang dusa di naigugupo/Anumang supil ang gawin ng estado/Hindi mapapagod na itaas ang kamao" (6). Sa gitna ng kawalan ng hustisya at opresyong nararanasan, nagawan nila ng paraan ang pagsulat ng mga tula sa loob ng bilangguan upang miabahagi sa mambabasa ang kanilang pagsipat sa espasyong kanilang kinalalagayan. Pansinin halimbawa ang tulang "Ako sa Bartolina" ni Tirso Alcantara kung saan ginamit ang espasyo ng kulungan bilang lunsaran ng pagtula: "Dito ang aking kalagayan/Parang hayop nasa katayan/ May gapos pa, piring at busal/Selda't ang liit, limitado ang galaw" (17). Ang mga naisulat na tula ang kanilang nagiging paraan ng ugnayan sa labas, sa kanilang mga pamilya, kamag-anak, kaibigan at kasama: "Sa isang kuwarto ako maghihintay/Sa mga kapamilyang dadalaw/Dalawang oras lang (na) kuwentuhan/Ibabalik agad sa kulungan" (17). Nagsilbi ang tulang ito ni Alcantara bilang mapa sa mga mambabasa kung ano ang istruktura ng kulungan, at kung ano ang kanilang kalagayan at nararamdaman.

Bukod dito, nailulunsad din ang diskursibong pagsipat ng mga bilanggong pulitikal sa kanilang kalagayan tulad halimbawa ng tulang "Maliit at Malaking Piitan" ni Alan Jazmines. Pansinin ang kanyang suri kung saan itinuturing na ang lipunan ay mas malaking piitan na kinapapalooban ng mamamayan na nananatiling bilanggo: "Kailagang iangal nang iangal/at yanigin nang yanigin/ ang mga mundong piitan/ maliit at malaki" (18). Hindi rin nawawala ang mga tulang higit na nagpapakilala sa sarili ng mga bilanggong pulitikal tulad ng tulang "Ang Maging Bilanggong Pulitikal" muli, ni Tirso Alcantara: "Ang bilanggong pulitikal/pinapatay ang karapatan/Isinisigaw ay kalayaan/Si pinid ng pintong bakal/At muling babalikan/ ang armas na naiwan/Sa malawak na kanayunan/ang umaangil na punlong/Tutugis sa mga halimaw" (23).

Isang inilahad na karanasan sa kanyang pagkakakulong ang pinagdaanang buhay ni Sharon Cabusao, isang mamamahayag at aktibista na nakulong noong Hunyo 1, 2015 dahil sa mga gawa-gawang kaso ng illegal possession of firearms. Ginamit niya ang pagtula bilang anyo ng panlipunang pakikisangkot bilang bilanggong pulitikal. Sa isang artikulo, ibinahagi ni Cabusao ang kanyang karanasan sa loob ng bilangguan. Sa kanyang salaysay, binanggit niya na sa loob ng isang taon, natulog, nagsulat at naghintay siya sa pagdating ng hustisya kasama ang 46 na kapwa mga babaeng bilanggo. Sang-ayon sa kanyang salaysay, kasya lamang sa isang selda ang dalawang regular na kama. Subalit nakakulong sa Taguig City Jail ang 176 na bilanggo na pinagkakasya sa apat na selda. Mahalaga ang personal na tala at salaysay na ito ni Cabusao upang makita natin ang lugmok na kalagayan ng mga bilanggo. Sa pamamagitan nito, nabibigyan tayo ng pagkakataong masilip ang buhay ng mga bilanggo sa likod ng mga nagtataasang pader at mga rehas na bakal. Sang-ayon nga sa isinagawang panayam sa kanya noong siya'y napalaya na:

> Kami mismo sa loob ng female facility, iyong pasilidad na dapat sana para lamang mga forty to sixty prisoners, noong panahon na nandoon ako ay nagha-house ng hundred sixty to hundred seventy kaya napaka-crowded. Iyong halos magkakatabi talaga kayo maghapon, magdamag. Tapos kulang na kulang sa pasilidad, halos walang health service. Kasi kung may sakit ka, kailangan magdemand ka talaga na puntahan ka ng doktor ng BJMP [Bureau of Jail Management and Penology]. Maraming cases na hindi napupunta(han), may mga cases na namamatay na lang sa loob ng detention. Kahit sa female facility nangyayari iyon. Kung manganganak ka, bahala ka ring magraise ng pera sa panganganak mo. Kasi puwede ka namang dalhin sa clinic sa labas, pero lahat ng gastos sa 'yo. Iyong pagkain namin tuwing umaga, isang maliit na mangkok lang ng lugaw na walang halos laman iyon. Kung gusto mo magkape, magpainit ng tubig, bahala kang dumiskarte kung papaano ka makakakuha n'yan. (Cabusao)

Dahil sa kanyang pagiging mamamahayag, ginamit ni Cabusao ang kanyang kakayanan sa pagsulat, partikular ng tula. Halimbawa, sa kanyang tulang "Terrarium" na nakasama sa koleksyon na *Hulagpos*, inilahad niya ang optimistikong ugali ng isang bilanggong pulitikal. Ang mga paulit-ulit na talinhaga ng paglaban at paglaya sa kanyang tula ay reiterasyon ng kanyang ideolohikal na posisyon at pananalig sa taumbayan na siyang magpapalaya sa mula sa mga tanikala. Ang pulitikal na akto ng paglikha sa isang espasyo ng represyon ay naisasakatuparan sa pamamagitan ng pag-akda sa sarili niyang mundo sa likod ng mga rehas ng bilangguan. Habang mistulang pinapaslang ng bilangguan ang kanyang kalayaan, ang pagsulat ang kanyang nagsilbing pananggalang upang harapin at lampasan ang lupit ng buhay sa loob. Sa huli, ang apirmasyon niya sa pagmamahal sa uring pinagsasamantalahan, at ang pag-ibig sa masa at bayan ang kanyang naging inspirasyon upang magpatuloy sa pagsulat at isulong ang tunay na demokrasya sa bansa. Narito ang ilang sipi mula kanyang naisulat na tulang "Terrarium" habang nasa bilangguan:

The world we are now creating
within these stonewalls,
this prison that has torn us violently apart –
this is still our world, for our world will
always be ours to build. Behind bars, we remain free
Still in flight, wings fiery red
Ringed by a brilliant rainbow (12)

Sa tulang ito ni Cabusao, malinaw na ipinapakita niya kung sa papaanong paraan lumilikha ng panibagong mundo (danas) ang bilanggong pulitikal.

Kung gayon, maaaring ipagpalagay na ang paglikha ng isang tula (o anumang akdang pampanitikan) ay mabisang instrumento sa pagpapaigting ng posisyong pulitikal at paninindigan ng isang makata na nakabilanggo. Kung winawasak ng bilangguan ang pagkatao ng bilanggong pulitikal, nagiging paraan naman ang pagsulat ng tula upang muling buuin ang kanyang sarili.

Nagbahagi rin ng kanyang tula sa koleksyon ng Hulagpos ang dating bilanggong pulitikal na si Rene Boy Abiva. Nagtatrabaho noon si Abiva bilang volunteer worker sa Deparment of Social Work and Development (DSWD) sa Isabela at isa ring organizer ng Alliance of Concerned Teachers-Philippines bago siya maaresto. Kinasuhan siya ng twelve counts of murder at ikinulong sa Ifugao District Jail sa Kiangan, Ifugao. Habang nakapiit, nagsulat siya ng kuwento sa tatlong wika; Ingles, Filipino at Ilokano. Bukod sa pagsulat, sinuong niya rin ang iba't ibang anyo ng artistikong paglikha tulad ng pagpipinta, at paglililok. Simula ng kanyang pagka kakulong hindi, napigilan sa pag-oorganisa si Abiva sa bilangguan. Inorganisa niya ang mga kapwa bilanggo. Dito nakapagsagawa siya ng iba't ibang aktibidad tulad ng pagbibigay ng mga pag-aaral at panonood ng mga pelikula na may panlipunang halaga tulad ng kanilang ginawa upang gunitain ang internasyunal na pagdiriwang ng karapatang pantao noong Disyembre 10, 2016. Gayundin, pinangunahan niya ang kampanya sa panawagang palayain ang mga bilanggong pulitikal hindi lamang sa Ifugao, kundi sa buong bansa. Kasama ang iba pang bilanggong pulitikal, isinagawa ni Abiva ang pagkakaroon ng fasting sa loob ng bilangguan upang magsilbing pakikiisa sa iba pang mga bilanggong pulitikal. Tulad ng iba pang kaso ng mga bilanggong pulitikal, mabagal ang naging takbo ng kaso ni Abiva.



Larawan 9: Portrait ni Leoncio Pitao, martir ng rebolusyong Pilipino na napatay sa engkuwentro sa Davao City noong Hunyo 28, 2015. Likha ni Rene Boy Abiva (2017). Kuha ni Rommel Rodriguez.




Larawan 10: Likha ni Rene Boy Abiva habang nakapiit sa Ifugao District Jail, Kiangan, Ifugao (2017). Kuha ni Rommel B. Rodriguez.

Noong Disyembre 2016, isinagawa ang huling pagdinig sa kanyang kaso, at nagkaroon ng cross examination sa kanya. Patunay ang mga anekdota na ito ni Abiva na kasabay ng paglikha niya ng sining sa loob ng bilangguan, nagpapatuloy siya bilang organisador sa kanyang mga kapwa bilanggo upang maitaas ang kanilang kamalayang panlipunan.

May puso para sa sining si Abiva. Sa kolehiyo, naging miyembro siya ng lokal na banda sa kampus. Naging aktibo rin siya sa pagsulong ng pangmatagalan na kapayapaan sa pamamagitan ng pagsali sa Musicians for Peace, isang organisasyon na mga lokal na aritsta at musikero na nagsusulong ng kapayapaan sa pamamagitan ng musika. Noong siya'y nakulong, ang pagsulat ng tula at paglilok ang kanyang naging paraan upang maging makabuluhan ang kanyang pananatili sa kulungan. Sa kanyang mga tula mababasa ang nasa na muling makasama ang kanyang mga kapwa aktibista, kaibigan at pamilya. Samantala ang kanyang tula na "Pagtatapat sa Bituka ng Bartolina" na tumutukoy sa kung paanong paraan hinaharap ng isang bilanggong pulitikal ang kanyang kalagayan sa bilangguan, ang halaga ng pananalig, ang nakaambang dahas at kawalan ng hustisya sa lipunan. Ang dalamhati ang kanyang naging musa upang lumikha ng tula tungkol sa pagtutunggali at pagbuo ng bisyon ng pakikibaka. Pansinin ang ilang sipi mula sa kanyang tula:

> At kung magsalpukan man
> Ang liwanag at dilim
> Tuwing dapithapon
> Ulo'y animo'y matutungkab
> Sa aburido't kunsumisyon
> Dagdag pa ang gahiblang hangin
> Mula sa butas ng silupin
>
> O, makauring pananaw
> Pamamaraan at paninindigan
> Bangis nitong piita'y
> Di kayang tuldukan
> Ang alab ng himagsikan
> Kung kapalit man ng aking katapatan
> Sa mamamaya'y kamatayan
> Sa kamay ng uring gahaman
> Mananaig pa rin sa akin ang kaligayahan
> Pagsilbihan ang sambayanan (21-22)

Sa tulong ng iba pang mga manunulat at tagapagsulong ng karapatang pantao, nailathala noong 2018 ang koleksyon ng kanyang mga tulang pinamagatang *Tuligsa at Iba Pang Tula* ng Pantas Publications. Bukod sa pagsulat ng tula, nagpinta rin si Abiva. Tumutulay ang mga ipinintang larawan ni Abiva mula sa mga imahen ng mga kilalang rebolusyonaryo at personal na pagsipat sa buhay ng isang bilanggong pulitikal. Sa karanasan ni Abiva, mahihinuha ang halaga ng kolektibong aksyon, sa antas man ng paglikha at desiminasyon ng artistikong produksyon hanggang sa patuloy na panawagan ng tuluyang paglaya ng mga bilanggong pulitikal. Sang-ayon sa kanyang panayam na isinagawa habang nakapiit sa Ifugao District Jail:





Larawan 11: Pabalat ng librong *Tuligsa at Iba Pang Mga Tula* (2018) ni Rene Boy Abiva.

> Una nais kong magpasalamat sa aking butihing abogado dahil aminado naman tayo hindi rin naging maganda yung mga tinakbo ng mga nagdaan pero nananatili pa din siya. Yung ating abogado na andito isang batikang People's Lawyer. Kaya para sa akin ay dapat bigyan natin siya ng pagkilala. Sa inyo rin mga kasama lalo na sa mga kababayan sa Baggao, pamilya ng aking misis, sa kabila na hindi na ako binibisita ng aking mga kamag-anak, malapit lang naman diyan sa Vizcaya kayo na yung nagsisilbi na pamilya ko dito. (Abiva, Panayam)

Bukod kay Abiva, kasama niya ring nakulong sa parehong kaso ang isang matandang bilanggong pulitikal na si Virgilio Corpuz. Si Corpuz ay kabilang sa mga bilanggong pulitikal na matatanda at maysakit. Isa siyang aktibista sa sektor ng transportasyon sa Isabela at kasama ni Abiva na kinasuhan ng 12 counts of murder. Sa kulungan, naging mekaniko si Corpuz. Siya ang nagsilbing tagaayos ng mga sirang sasakyan ng mga pulis. Bukod sa kasamang nag-oorganisa si Corpuz sa mga kapwa bilanggo, naging abala rin siya sa paglikha ng iba't ibang uri ng inukit na mga imahen na mula sa kahoy. Ibinibigay ni Corpuz ang likha niyang mga imahen sa mga dumadalaw sa kanyang mga tagasuporta at pamilya. May iba't ibang imahen ang kanyang nililikhang mga lilok. Bawat lilok ay mistulang anyo ng pag-alala sa kanyang buhay bilang amang nalayo sa kanyang pamilya. Sa pamamagitan ng pabibigay ng mga nililok na imahen sa kanyang mga kaanak, higit na napapalapit si Corpuz sa

kanyang mga mahal sa buhay. Inilayo man siya ng kanyang pagkakabilanggo sa kanyang pamilya, ang paglikha niya ng mga nililok na imahen ang kanyang nagsisilbing paraan upang maipakita sa kanyang pamilya kung paano niya ginagawang makabuluhan ang kanyang pananatili sa kulungan. Ang proseso ng paglikha ay nagsisilbing proseso rin ng kongkretong pag-alala ng mga bilanggong pulitikal habang nakapiit.



Larawan 12: Lilok na head hunter ni Virgilio Corpuz habang nakapiit sa Ifugao District Jail, Kiangan, Ifugao (2017). Kuha ni Rommel Rodriguez.



Larawan 13: Inukit na imahen ni Kristo na likha ni Virgilio Corpuz (2017). Kuha ni Rommel Rodriguez .





Larawan 14: Ilalim ng imahen ni Kristo na nililok ni Virgilio Corpuz (2017). Kuha ni Rommel B. Rodiguez.

Matapos ang serye ng mga pagdinig sa kanilang mga kaso, tuluyang napawalang-sala sina Abiva at Corpuz at lumaya noong Agosto 1, 2017 matapos ang halos apat na taon na pagkakakulong. Sa naging panayam kay Abiva, binanggit niya ang palagiang pagkansela sa pagdinig ng kaso ng mga bilanggo dahil sa mga walang katuturang kadahilanan na senyales lamang ng bulok na sistema ng hustisya sa ating bansa (Abiva, Panayam). Sa ganitong pagtatala, mahalaga ang pagkalap ng naratibo ng mga bilanggong pulitikal upang isiwalat hindi lamang ang kanilang kaso bilang mga bilanggong pulitikal, kundi upang suriin ang kalagayan ng hustisya sa bansa. Sa pagkakaroon ng malay na kamulatan at pag-iisip ng mga bilanggong pulitikal, mas nababatid nila ang ugat ng mga suliraning panlipunan at nailalapat nila ito sa kanilang karanasan sa loob ng bilangguan.

Hindi lamang mga tula ang mga akdang pampanitikan na nalikha ng mga bilanggong pulitikal habang nasa kulungan. Isang koleksyon ng kuwentong pambata ang isinulat naman ni Eduardo Sarmiento habang nakapiit. Tinipon niya sa antolohiyang *Susmatanon: Mga Kuwentong Pambata* ang anim na kuwento na tumatalakay sa mga suliraning panlipunan gamit ang anyo ng kuwentong pambata. Si Eduardo Sarmiento ay kasalukuyang nakapiit sa Maximum Security Prison sa

Bilibid at hinatulan ng reclusion perpetua o habang buhay na pagkakabilanggo.



Larawan 15: Pabalat ng antolohiyang *Susmatanon (*2017) ni Edgardo Sarmiento, UPD-SWF.

Gamit ang anyo ng kuwentong pambata, tinakalay niya sa kuwento ang mga paksa ng militarisasyon, karahasan, paglabag sa karapatang pantao at opresyon na nararanasan ng mga magsasaka sa kanayunan. Kaya natatangi ang aklat na ito ay unang-una, isinulat ito ni Sarmiento habang nakapiit sa bilangguan. Siya rin ang gumuhit ng mga larawan. Ito ang ang kanyang naging pagtatangka na gawing pulitikal ang anyo ng kuwentong pambata sa pamamagitan ng pagtalakay sa mga paksang nakaugat sa mga suliraning panlipunan.

Laman ng aklat ang mga sumusunod na kuwentong pambata:

1. Baryo Maligaya at ang mga Halimaw
2. Ang Dalawang Puno ng Abokado
3. Ang Palaka sa Balon
4. Si Pagong at ang Gamaw
5. Ang Uwak
6. Ang Batang Sinungaling


Sa kuwentong "Baryo Maligaya at ang mga Halimaw," ginamit ni Sarmiento ang imahen ng halimaw na may tatlong ulo upang talakayin ang usapin ng piyudalismo, burukrata kapitalismo, at imperyalismo bilang ugat ng kahirapan na sumisira sa payapang buhay ng mga taga Baryo Maligaya. Malinaw na matutukoy sa kuwento na ginamit niya ang Baryo Maligaya bilang talinghaga ng Pilipinas. Sa tulong ng isang misteryosong pulang ibon na sumisimbolo sa mga mulat na manggagawa, nagapi ng taumbayan ang halimaw.

Samantala sa kuwentong "Ang Dalawang Puno ng Abukado," ay tungkol naman sa kanyang pananalinghaga sa kultura ng pagiging makasarili at halaga ng pagiging mapagbigay sa lipunang Pilipino. Habang ang kuwentong "Ang Palaka sa Balon" ay tumatalakay naman sa halaga ng kaalaman at kung sa paanong paraan maging kritikal sa pamamagitan ng pag-alpas sa mga limitasyon itinakda ng lipunan. Ang tatlong natitirang mga kuwento'y nakatuon naman sa pagbuo ng mga katutubong halagahin na sinira ng yugto-yugtong kolonisasyon, eksploytasyon at opresyon na naranasan ng Pilipinas sa ilalim ng mga dayong mananakop at mga lokal na

naghaharing-uri. Sa panimula ng aklat, inilahad ni Sarmiento ang kanyang dahilan kung bakit siya nagsulat ng mga kuwentong pambata:

> Kay tagal ko nang pinangarap na makapagkwento ng mga kwentong pambata sa harap ng paslit kong mga anak. Nanatili itong nasa pangarap lamang hanggang sa kasalukuyan. At kung ang katuparan nito ay sadyang magiging mailap sa akin, ang librong ito na lamang ang magku-kuwento sa kanila. (4)

Matingkad na matutukoy sa konseptong ito ni Sarmiento na ang personal na adhikaing lumikha ay nagiging pulitikal na proseso hindi lamang ng malikhaing pagsulat kundi bilang pagtatala sa sariling naratibo sa loob ng bilangguan. Ang paglikha ng akda ay pagtupad sa pangarap na makapiling ang mga mahal sa buhay at ang nasang makapagsalaysay ng mga kuwentong hango sa katutubong anyo ng panitikan tungo sa pagkukuwento ng mga pulitikal na paksa.




Larawan 16: Pabalat ng libro (2013) ni Randy Vegas na inilathala ng COURAGE.

Bukod kina Abiva at Sarmiento, isa rin sa mga naunang nakapaglathala ng kanyang mga koleksyon ng tula habang nakapiit ay si Randy Vegas. Isang unyonista at government employee si Vegas na kinasuhan ng murder at frustrated murder kaugnay sa isang engkwentro sa pagitan ng mga militar at miyembro ng New People's Army noong Abril 25, 2013 sa Labo, Camarines Norte. Dahil dati siyang miyembro ng Quezonian, ang opisyal na pahayagan ng mga mag-aaral ng Manuel L. Quezon University at naging kasapi ng College Editors Guild of the Philippines (CEGP) katulad ni Cabusao, may kaalaman siya sa pagsulat at pamamahayag. Sang-ayon nga sa paunang salita sa kanyang librong *Antolohiya: Makabayang Lingkod at iba pang Tula* na inilathala ng organisasyong Confederation for Unity, Recognition and Advancement of Government Employees (COURAGE), ang kanyang pagkakapiit ang naging hudyat sa pagkakahinog ng kanyang mga tula na nakabatay sa kanyang buhay.

Dalawampu't tatlong taon na akong nag-iipon ng karanasan, nag-aaral sa piling ng mga kawani, kabataan at mamamayan—nakipagdiwang sa matagumpay na laban, lumuha, nalungkot at kasamang bumangon kapiling nila lalo na sa panahong malakas na binibira at ginugupo ang aming hanay.

Sa ganito ko inuunawa ang koleksyon sa antolohiyang ito. Nauuna lagi ang mga materyal na karanasan subalit dapat na may malinaw na pagtanaw ang

pinaghugutan ko ng maraming ideya na naghuhubog din ng malalim-lalim ko na ring pang-unawa sa mga bagay at kasaysayan. Ang mga ito ang isinatitik ko sa anyo at porma ng mga tula. (1)


Sa ganitong konteksto, masasabing hindi lamang umiinog sa buhay sa bilangguan ang mga tula ng bilanggong pulitikal. Sa halip, sa mga panahon ng pagkakapiit ay nagaganap ang pagbabalik-tanaw at paglikha habang higit na napapatibay at napapalalim ang kanilang kamalayan. Pansinin natin halimbawa ang ilang sipi sa tulang "Sa Muling Pagtawid sa Parang" ni Vegas:

> magsasaliw ang himig at huni
> ng mga hayop na nangulila
> sa tinig ng mga tagapaglikha
>
> sa muling pagtawid sa parang
> didiligin ang mga tigang
> hahawiin ang daan
> patungong kalunsuran
> dadako sa silangan
> at kakamtin ang kalayaan (22)

Malinaw na nakatuon ang tula sa panahong hindi pa nakapiit ang persona at malayang binabagtas ang parang na mangilang ulit na ring dinaanan. Ang muling pagtawid ay mistulang muling pakikipagniig sa kalikasan na inaasahang magsisilang ng maaaliwalas na kinabukasan. Sa maikling tulang ito mababatid ang nasang pagbabago, ang muling pagbuhay sa tigang na lupa na nagpapahiwatig ng kasalatan at kahirapan, hanggang sa pagtungo sa kalunsuran at nag-iipon ng lakas habang nananatili sa kanayunan.

Sa lahat ng mga naging artistikong paglikha habang nakapiit, natatangi ang nalathalang libro ni Ericson Acosta, dating culture section editor ng Philippine Collegian, tagapagtatag ng Alay Sining, isang multimedia na kultural na grupo ng mga mag-aaral sa Unibersidad ng Pilipinas, Diliman na nabuo noong dekado nubenta. Isa rin siyang artista sa entablado at mang-aawit. Nakulong si Acosta sa Calbayog Provincial Jail sa Samar sa kasong illegal possession of firearms noong Disyembre 7, 2011 at napalaya noong 2013 sa tulong na rin ng kampanyang binuo para sa kanya. Sa kulungan, nabuo ang karamihan ng mga tula ni Acosta na binigyang-introduksyon ni Jose Maria Sison. Taong 2015, inilathala ng UP Press ang librong "Mula Tarima Hanggang at iba pang mga tula at awit" na nagwagi ng National Book Awards noong 2016. Para kay Sison, ang pagkakalathala ng libro ni Acosta at pagpapatuloy sa sinimulang dakilang tradisyon ng mga makatang

gamitin ang tula sa pagsisilbi sa sambayanan para sa pakikipagtunggali upang tuluyang lumaya sa dayuhan at piyudal na pananamantala (Sison). Dagdag naman ni E.San Juan, ang mga tula ni Acosta ay "simbolo di lamang ng kahirapan kundi ng katatagan sa paninindigan at pananalig sa katuwiran. Laging idinidiin ang "kumulatibong proseso" ng kamalayan, ang "diyalektikal" na pagsulong ng hidwaan at alitan (San Juan) Pansinin halimbawa ang sipi sa maikling tulang "Astig" ni Acosta na malinaw na naglalatag ng paninindigang magpapatuloy sa pakikibaka mula sa loob hanggang labas ng kulungan:



Larawan 17: Pabalat ng libro (2015) ni Ericson Acosta.

Naririto ang dibdib ko
Ito ri'y bakal at kongkreto.
Hinding-hindi magpapadurog sa pasismo (33)

Mababasa sa tulang ito ang pagpaslang ng persona sa kawalan ng pag-asa at ang tuwirang pakikipagtunggali sa estadong lumikha ng mga hindi makatarungang regulasyon at patakaran sa loob o labas man ng kulungan na nagluluwal ng lipunang walang hustisya, kawalan ng pananagutan, pananamantala, at pang-aapi. Ang pagsulat ng tula sa loob ng bilanggua'y naging matatag na sandigan upang manatiling buhay para ipagpatuloy ang paglaban.

Sa pagtalunton ng proseso sa artistikong produksyon ng mga bilangguan pulitikal, makalilikha tayo ng diskursong pang-estetika kapwa sa usapin ng anyo at nilalaman. Sa anyo, napapanatili ang paglikha ng mga tradisyunal na anyong pampanitikan, partikular ang anyo tula na may pinakamalaking bilang na nabuo sa pamamagitan ng paglalathala ng mga antolohiya. Samantala, nagpatuloy din ang pagpipinta at pagbuo ng mga sining biswal ng mga bilanggong pulitikal kahit walang pormal na pag-aaral ng sining na ito ang ibang nagpinta habang nakapiit. Nariyan din ang paggawa ng mga likhang-kamay (handicrafts) ng mga bilanggong politikal tulad ng mga beads, key chain, at mga poduktong likha sa pinagdikit-dikit na papel. Ang nilalaman at paksain naman ng bawat artistikong produksyon ng mga bilanggong pulitikal ay tumatalunton sa iba't ibang paksa at usapin. Sa paglikha ng mga akdang pampanitikan, napanatili ng mga bilanggong pulitikal ang pagsulat ng mga akdang tumatalunton sa mga personal, pulitikal at panlipunang usapin. Halimbawa sa aspektong personal, hindi lingid ang paglikha ng mga akdang napapatungkol sa mga domestikong ugnayan ng bilanggong pulitikal sa kanyang pamilya at mga mahal sa buhay. Ang mga akda'y napupuno ng mga paksang nakatuon sa mga takot, pangamba, galit, pagkawala at pagkakaroong muli ng pag-asa. Gamit ang mga

talinghaga ng luha, rehas, selda, kulungan, bukangliwayway, dapithapon, gabi, dilim, umaga at iba pa, inilangkap ng mga bilanggong pulititikal ang mga talinghagang ito upang isiwalat ang kanilang kolektibong karanasan sa mga mambabasa.

## LAGOM

Sa pagtala ng mga artistikong produksyon na nilikha ng ilan sa mga bilanggong pulitikal sa Pilipinas, matutukoy natin ang diskursibong interbensyon kung sa paanong paraan nila ginawang malikhaing lunan ang espasyo ng kulungan, upang ito'y maging lunan ng subersyon at pakikipagtunggali. Sa kanilang karanasan at sitwasyon, naging mahalaga ang ginampanang papel ng sining upang maging makabuluhan ang panahon ng kanilang pagkakapiit. Naging isang anyo ng pakikipagtunggali ang paglikha, nagsilbi ang mga ito bilang artistikong ekspresyon na nagiging paraan para matingnan ang kanilang mga sarili bilang bilanggong pulitikal at manlilikha ng sining. Nagsilbing epektibong pagsalin ng kaalaman ang mga malikhaing ekpresyon na ito ng mga bilanggong pulitikal hindi lamang ng kanilang mga sarili, kundi ng mga kapwa bilanggong pulitikal at mga karaniwang bilanggo. Katunayan, sa isang pahayag na nakuha mula sa mga bilanggong pulitikal na nakakulong sa Special Intensive Care Area sa Camp Bagong Diwa sa Bicutan, ipinahayag nila ang kanilang pakikiisa sa pagbuo ng malawakang kampanya para sa suporta at tuluyang paglaya ng mga bilanggong pulitikal sa Pilipinas. Heto ang kanilang pahayag:

> Lumikha! Lumaya!
>
> Kaming hinaharangan ng mga rehas na bakal, mga nakakandadong tarangkahan, mga alambreng tinik, mga matatayog na pader at mga toreng bantayan ay nagpapaabot, sa pamamagitan nito, ng aming maalab at mapulang pagbati!
>
> Kahima't nakakarsel ang aming mga katawan at sinisikap ding itali ang aming mga kamay at busalan ang aming mga bibig, para pigilan ang paglalabas ng aming mga saloobin at paglalahad ng aming mga adhikain, ay nagagawa pa rin naming makalikha, makapaglabas at makapagbahagi sa mamamayan at sa mundo ng aming mga obra.
>
> Paraan din namin ang mga ito sa pagpapahayag ng mga katotohanan, mga karanasan, mga hangarin—sa tuluy-tuloy na pagpupursige ng mga pakikibaka para sa kalayaan at katarungan, at para sa kapakanan ng mamamayan, laluna ng mga pinagsasamantalahan at inaapi.

> Sa pamamagitan ng aming mga pagsisikap sa arte at sining, ipinapahayag namin ang maraming mapapait na karanasan ng mga bilanggong pulitikal, kabilang na ang mga biktima ng tortyur, at gayundin ang maraming mapapait at masasaya ring karanasan sa mga hirap at tagumpay sa kanilang mga pakikibaka.
>
> Ipinapahayag din namin ang iba't ibang mga karanasan at inaabot ng mga pakikibaka ng mga mamamayan at ng mga nagtatanggol, nagmumulat at nagpapakilos sa kanila; ang mga inaasahan at unti-unting nakakamit na mga tagumpay sa pakikibaka; at ang mga kasabay ng makukulay na kasayahang ibinubunga ng mga ito.
>
> Pinasasalamatan namin nang malaki ang pagkakataong ito ng paglulunsad ng kampanyang "Palayain ang mga Alagad ng Sining!" ("Free the Artists!")—sa mga nag-aayos nito at sa mga lumahok at sumusuporta rito.
>
> —Manifesto ng Mga Lumilikha ng Sining na Bilanggong Pulitikal (2015).

Bukod sa pagsasagawa ng mga pag-aaral sa bilangguan na tumatalakay sa historikal na konteksto ng mga panlipunan at pang-ekonomiyang suliranin ng bansa, nagsasagawa rin ng mga aktibidad at kampanya ang mga bilanggong pulitikal sa loob ng kulungan. Kaya ang naging epekto nito ay nagkakaroon ng pagkakataon ang mga bilanggo na suriin ang kanilang kalagayan sa mas malawak na konteksto ng lipunan at upang makita na ang kanilang suliranin bilang mga bilanggo ay epekto lamang ng mas malawak na kondisyon ng lipunan. Sa pamamagitan nito, naiaangat ng mga bilanggong pulitikal ang kamalayan ng mga karaniwang bilanggo at upang madama nila ang usapin ng paglaya lampas sa personal nilang pagnanais, kundi higit pa, ang paglaya ng bayan sa kabuuan.

Ang mga artistiko at malikhaing interbensyon ng mga bilanggong pulitikal ay patuloy na umiiral sa loob ng kulungan. Ang paggamit ng mga simboliko at matalinghagang imahen upang ilahad ang kanilang nasang lumaya ay maaaring iugat sa kanilang mga artistikong produksyon. Sa pamamagitan ng paggamit ng talinhaga sa paglaya, ang represibong espasyo ng kulungan ay nagkakaroon ng bagong hugis. Kung kaya't ang paglikha ay hindi lamang paglikha sa loob ng kulungan, subalit isang malikhaing dokumentasyon ng kanilang buhay at pakikibaka bilang mga bilanggong pulitikal sa bansa.

Higit pa, ang paglikha ay nagsisilbi bilang malikhaing dokumentasyon, hindi lamang ng buhay ng mga bilanggong pulitikal kundi ng sistema ng hustisya sa kabuuan. Sa pamamagitan ng pagtatala, nalilikha ang kolektibong alaala ng mga karaniwang bilanggo at mga bilanggong pulitikal. Kaya ang paglikha ay pagtunggali hindi

lamang sa perpspektiba estado kundi sa mismong daloy ng kasaysayan. Mahalaga ito sapagkat pinasisilip tayo bilang mga mambabasa sa mga katotohanan na hindi natin karaniwang nakikita. Iminumulat tayo sa tunay na kalagayan ng mga nasa likod ng rehas na mistulang binubura ng isang nagmamalinis na sistema ng hustisya sa bansa.

Ang paghiraya sa kalayaan ay nagiging kongkreto sa pamamagitan ng paglikha ng iba't ibang anyo ng sining habang nakapiit. Mahalaga ang patuloy nilang paglikha ng mga imahen at talinghaga na nagtatampok ng kanilang mga pakikibaka upang harapin ang pagkakapiit at mga gawa -gawang kasong kriminal. Ginagamit nila ang sining upang isiwalat ang tunggalian ng uri, ideolohikal na pagposisyon, at paglatag ng mga pulitikal at pang-ekonomiyang usapin. Ang akto ng paglikha ng sining sa loob ng kulungan ay kapwa nagmimistulang indibidwal at kolektibong gawain. Ang kanilang mga nalilikha'y nagsisilbing testimonya ng buhay at pakikibaka sa loob ng bilangguan. Sa pamamagitan ng paglikha ng sining sa loob ng kulungan, naitatanyag ng mga bilanggong pulitikal ang kanilang pag-iral bilang aktibista at manlilikha. Sa huli, sa pag-angkin ng kalayaan gamit ang mga progresibo at malikhaing sining, hindi natatapos ang kanilang pakikisangkot sa pagbabago ng lipunan kahit na nasa loob ng bilangguan. Magpapatuloy ito habang nagpapapatuloy din ang estado sa pagsikil sa karapatan na magpahayag ng pananaw at saloobing tumutunggali sa mga naghaharing-uri. Kahit pa ipiit ang mga aktibista, patuloy silang lilikha upang maangkin ang paglaya gamit ang imahinasyon, gamit ang malikhaing pag-iisip.

* Ang papel na ito ay bahagi ng proyektong pinondohan ng UP System sa ilalim ng 2015 Enhanced Creative Work and Research Grant ng Office of the Vice President for Academic Affairs.

## MGA SANGGUNIAN

Abiva, Rene Boy. *Tuligsa at iba pang Tula*. Pantas, 2018.

---. Panayam. Isinagawa ni Rommel Rodriguez, 20 Okt. 2016.

Acosta, Ericson. *Mula Tarima Hanggang at iba pang mga Tula at Awit*. University of the Philippines Press, 2015.

Cabusao, Sharon. Panayam. Isinagawa ni Jehu Laniog, 15 Nob. 2017.

Casila, Jesus, C. Edwin Catacutan, Godofredo C. de Guzman, Mario E. Hisuler, Rufus B. Rodriguez. "The State of Political Detainees: The Philippine Setting." *Philippine Law Journal*. 10 Dis. 2012. journals.upd.edu.ph/index.php/law/index. Inakses noong 17 Peb. 2017.

Catibo, Ma. Aurora. *Political Detainees in the Philippines*. Manila Anti-Martial Law Coalition, 1976.

Decenteceo, Edwin. "Ex-Political Detainees: Psychological Aspects of Rehabilitation: The Balay Experience." *Balay,* 1989.

Hernandez, Amado V. *Isang Dipang Langit*. Makabayan News-Feature, 1961.

*Hulagpos: Kalipunan ng mga Akda ng mga Bilanggong Pulitikal*. KM 64, 2016.

Guray, Voltaire. Panayam. Isinagawa ni Jehu Laniog, 15 Set. 2017.

Isaac, Danielle. "46 Women in a Cell: Sharon Cabusao Recounts Life as a Political

Detainee." *Eastern Vista*. 25 Hun. 2016. www.easternvista.net. Inakses noong 15 Ene. 2017

Ilagan, Bonifacio. Panayam. Isinagawa ni Rommel Rodriguez, 20 Nob. 2019.

Ito, Lisa. Curator's Notes. Sa Timyas ng Paglaya Exhibit, Bulwagang ng Dangal, University of the Philippines, Diliman. 11 Hun. 2016.

Jerusalem, Jigger. "Duterte Orders Arrest of NDF Men, Calls CPP-NPA a Terrorist Group." *Inquirer.Net*. 5 Peb. 2017. newsinfo.inquirer.net/868428/duterte-tells-freed-reds-youre-now-fugitives. Inakses noong 10 Peb. 2017.

Karapatan Monitor 2015. 25 May. 2015. https://www.karapatan.org/resources/statistics. Inakses noong 11 Peb. 2017.

Laurel, Salvador. *Laurel Report on Penal Reforms: The State of Philippine Penal Institutions and Penology*. Philippine Congress, Committee on Justice, 1969.

Lee, Ricardo. Panayam. Isinagawa ni Rommel Rodriguez, 18 Nob. 2015.

Manifesto ng mga Lumilikha ng Sining na mga Bilanggong Pulitikal, binasang pahayag sa talakayan na Saysay ng Sining, CM Recto Hall, University of the Philippines, Diliman, 9 Okt. 2015.

Maranan, Edgardo. "Art as Resistance in Political Prisoners." *The Philippine Reporter*. 19 Ago. 2016. philippinereporter.com/index.php/2016/08/19/art-as-resistance/. Inakses noong 11 Ene. 2019.

*Pintig Sa Malamig na Bakal (Lifepulse in Cold Steel): Poems and Letters in Philippine Prisons*. Hongkong Resource Center for Philippine Concerns, 1979.

Ranada, Pia. “Duterte to Release Political Prisoners to ‘Build Confidence’ for Peace Talks.” *Rappler*. 24 May. 2016. rappler.com/nation/duterte-release-political-prisoners-npa-peace-talks. Inakses noong 10 Dis. 2017.

Rodriguez, Rommel. “Ricky Lee: Ang Kuwentista sa Pelikula.” *Plaridel*, vol. 13, no. 2, Dis. 2016, pp. 206-16.

San Juan, Epifanio. Jr. “Palayain si Ericson Acosta!” ni Acosta, *Mula Tarima Hanggang at iba pang mga Tula at Awit*, University of the Philippines Press, 2015, p.6.

Sarmiento, Eduardo. *Susmatanon: Mga Kuwentong Pambata*. Sentro ng Wikang Filipino, 2017.

Sison, Jose Maria. “Defy the Oppressors and Fight for Freedom.” ni Acosta, *Mula Tarima Hanggang at iba pang mga Tula at Awit*, University of the Philippines Press, 2015, p.3.

“Supreme Court Decision of 1964.” *The LawPhil Project*. 30 May. 1964. lawphil.net/judjuris/juri1964/may1964/gr_l-6025_1964.htm. Inakses noong 30 Ene. 2017.

Teodoro, Luis. Rethinking Subversion. *BusinessWorld*. 22 Ago. 2019. www.bworldonline.com/rethinking-subversion. Inakses noong 20 Set. 2019.

Vegas, Randy. *Antolohiya: Makabayang Lingkod at Iba pang Tula*. COURAGE, 2013.

---

Si **Rommel B. Rodriguez** (rbrodriguez@up.edu.ph) ay kasalukuyang guro ng panitikan at malikhaing pagsulat sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas. Awtor siya ng mga librong “Lagalag ng Paglaya” (2011) at “Mga Apoy sa Ilaya” (2018) na kapwa inilathala ng UP Press. Samantala ang kanyang koleksyon ng mga dagli na “Maikling Walang Hanggan” ay inilathala naman ng UST Publishing House nitong 2019. Bukod sa pagsusulat, siya rin ay aktibong tagapagsulong ng karapatang pantao sa bansa, partikular ng mga bilanggong pulitikal sa Pilipinas. Naging exchange research fellow siya sa University of Shizuoka, Japan noong 2015 at dating direktor ng UP Sentro ng Wikang Filipino. Nitong 2020 ginawaran siya ng Gawad Tsanselor para sa Natatanging Mananaliksik sa Filipino. Aktibong miyembro siya ng Alliance of Concerned Teachers-Philippines at All UP Academic Employees Union.